



Republic of the Philippines
Department of Education
 REGION X - NORTHERN MINDANAO
 DIVISION OF MALAYBALAY CITY

DM 2020-08-313
 DEPED MALAYBALAY CITY
 RELEASED
 DATE: _____ TIME: 4:40
 BY: _____
 AUG 25 2020 *gami*

Ika - 01 ng Agosto, 2020

Memorandum Pansangay
 Blg. 313, s. 2020

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2020

Sa mga : Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
 Tsip CID, Governans at mga Kawani
 Punong guro ng mga Elementarya at Sekondarya
 At Pampribadong Elementarya at Sekondarya
 Sangay ng Lungsod Malaybalay

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa mula ika -1 hanggang ika - 31 ng Agosto, 2020 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema sa pagdiriwang sa taong ito ay "Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika" - Ang mga Katutubong Wika sa Maka - Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya.
2. Nasesentro ang tema ng Buwan ng Wika 2020 sa halaga ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang mabisang sandata sa pakikidigma laban sa pandemya.
3. Layunin nito ang sumusunod:
 - a. Himukin ang BAYANIHAN ng sambayanan upang masugpo ang patuloy na paglaganap ng COVID -19 sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga impormasyon o pabatid - publiko na nasa Filipino at mga katutubong wika.
 - b. Maibabantayog ang kahalagahan na maitaguyod ang pagpapalaganap ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang pinakamabisang midyum sa pagkakaroon ng kolektibong pag-uunawa ng sambayanan
4. Ang mga gawain para sa buong buwang pagdiriwang na nahahati sa apat na aktibidad may lingguhang paksa na sumusunod:

| Petsa | Tema |
|-------------------|---|
| Agosto 3- 7, 2020 | Pagtagkilik sa Katutubong Wika bilang pagpapahalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya. |





Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X - NORTHERN MINDANAO
DIVISION OF MALAYBALAY CITY

| | |
|----------------------|---|
| Agosto 10- 14, 2020 | Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisisat Pandemya. |
| Agosto 17- 21, 2020 | Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya |
| Agosto 24 - 28, 2020 | Ang mga Katutubong Wika sa Maka – Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya |


5. Kaugnay nito inaasahan ang sumusunod:
- a. Gagawa at magpaskil ng mga islogan na may kaugnayan sa tema;
 - b. Magbubuo ng mga infographic ng mga katutubong salitang may kaugnayan sa tema;
 - c. Magbubuo ng tatlong minutong video tungkol sa ilang batayang pagpapahayag sa katutubong wika ng lalawigan o rehiyon) pagbati, pagtatanong, o pagbibigay ng direksyon at iba pa;)
 - d. Pagdaraos ng mga virtual na forum at talakayan hingggil sa mga katangian ng iba't ibang katutubong wika sa Filipinas at halaga sa mga ito sa panahon ng pandemya;
 - e. Pagdaraos ng virtual na forum hinggil sa pagbuo ng bansa na nakasalig sa isang lipunang multicultural;
 - f. Pagpapatibay ng mga patakarang pangwika sa mga unibersidad at kolehiyo para sa mga katutubong wika at sa mga Filipino;
 - g. Virtual na pagbabahagi ng mga saliksik hingggil a pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika;
 - h. Pagbibigay ng mga pagsaalang – alang pangwika para sa mga serbisyong frontline o mga programa;
 - i. Pagtataas ng watawat bilang hudyat ng pagbubukas ng Buwan ng Wika;
 - j. Pagpapaskil ng ahensiya ng tarpolin o poster para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika;





Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X - NORTHERN MINDANAO
DIVISION OF MALAYBALAY CITY

- k. Pagsasalin ng mahahalagang dokumentong pampubliko sa Wikang Filipino at sa mga Wikang katutubo; at
 - l. Lobbying at pagpapatibay ng mga patakarang pangwika para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika ng bayan o lalawigan.
6. Para sa karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN), Gusaling Watson, 1610 JP Laurel Street, Malacanang Complex, San Miguel, Maynila, sa telepono (02) 2524, (02) 736- 2524; (02) 736- 2525 o e-mail comfil@kwf.gov.ph.
7. Inaasahan ang mga kawani sa Dibisyong ito na gagamitin ang Wikang Filipino sa kani-kanilang pakikitungo at pakikipag-usap sa kapwa. Inaasahan din ang paggamit ng anumang kasuotang tatak Filipino na ginanagamit sa anumang tribu ng Rehiyon Diyes o sa bansang Filipinas.
8. Hinihiling ang malawakan at madaliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


VICTORIA V. GAZO, PhD., CESO V
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Sanggunian: Memorandum Panrehiyon Big.284 s. 2020

Iilagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng sumusunod na paksa:

BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

Buwan ng Wika 2020
CID/ mcreyes



Address: Sayre Hi-way, Purok 6, Casisang, Malaybalay City
Telefax No.: 088-314-0094; Telephone No.: 088-813-1246
Email Address: malaybalay.city@deped.gov.ph



DepED-X
Cagayan de Oro City

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X - NORTHERN MINDANAO

Office of the Regional Director

Hulyo 29, 2020

MEMORANDUM PANREHIYON

Blg. 234, s. 2020

BUWAN NG WIKA 2020

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Lahat ng mga kinauukolan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wika mula Agosto 1 hanggang Agosto 31, 2020 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997.
2. Ang tema sa pagdiriwang sa taong ito ay "Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika" – Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya.
3. Nasesentro ang tema ng Buwan ng Wika 2020 sa halaga ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang mabisang sandata sa pakikidigma laban sa pandemya.
4. Layunin nito ang sumusunod:
 - a. Himukin ang BAYANIHAN ng sambayanan upang masugpo ang patuloy na paglaganap ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga impormasyon o pabatid-publiko na nasa Filipino at mga katutubong wika.
 - b. Maibabantayog ang kahalagahan na maitaguyod ang pagpapalaganap ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang pinakamabisang midyum sa pagkakaon ng kolektibong pag-uunawa ng sambayanan.
5. Nahahati sa apat na aktibidad ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2020:
 - a. 3-7 Agosto 2020 – Pagtangkilik sa Katutubong Wika bilang pagpapaghalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya.



Address : DepEd Regional Office X, Zone 1, Upper Balulang, Cagayan de Oro City
Telephone Nos.: (088) 856-3932 | (088) 881-3137 | (088) 881-3031
Email Address : region10@deped.gov.ph
Web site : <http://dared10.com>



- b. 10-14 Agosto 2020 – Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisis at Pandemya.
 - c. 17-21 Agosto 2020 – Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya.
 - d. 24-28 Agosto 2020 – Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandenya
6. Kaugnay nito, inaasahan ang sumusunod:
- a. Gagawa at magpapaskil ng mga islogan na may kaugnayan sa tema;
 - b. Magbubuo ng mga infographic ng mga katutubong salitang may kaugnayan sa tema;
 - c. Magbubuo ng tatlong minutong video tungkol sa ilang batayang pagpapahayag sa katutubong wika ng lalawigan o rehiyon (pagbati, pagtatanong, o pagbibigay ng direksyon, at iba pa);
 - d. Pagdaraos ng mga virtual na forum at talakayan hinggil sa mga katangian ng iba't ibang katutubong wika sa Filipinas at halaga sa mga ito sa panahon ng pandemya;
 - e. Pagdaraos ng virtual na forum hinggil sa pagbuo ng bansa na nakasalig sa isang lipunang multicultural;
 - f. Pagpapatibay ng mga patakarang pangwika sa mga unibersidad at kolehiyo para sa mga katutubong wika at sa mga Filipino;
 - g. Virtual na pagbabahagi ng mga saliksik hinggil sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika;
 - h. Pagbibigay ng mga pagsaalang-alang pangwika para sa mga serbisyong frontline o mga programa;
 - i. Pagtataas ng watawat bilang hudyat ng pagbubukas ng Buwan ng Wika;
 - j. Pagpapaskil ng ahensiya ng tarpolin o poster para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika;
 - k. Pagsasalin ng mahahalagang dokumentong pampubliko sa Wikang Filipino at sa mga Wikang katutubo; at
 - l. Lobbying at pagpapatibay ng mga patakarang pangwika para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika ng bayan o lalawigan.

-
igiti
Jaw

7. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN), Gusaling Watson, 1610 JP Laurel Street, Malacañang Complex, San Miguel, Maynila, sa telepono (02)736-2519; (02) 736-2524; (02) 736-2525 o e-mail: comfil@kwf.gov.ph; komisvonsawikangfilipino@gmail.com, at Web site www.kwf.gov.ph.

8. Inaasahan ang mga kawani sa tanggapang ito na gagamitin ang Wikang Filipino sa kani-kanilang pakikitungo at pakikipag-usap sa kapwa. Inaasahan din ang paggamit ng anumang kasuutang tatak Filipino na ginagamit sa anumang tribu ng Rehiyon Diyes o sa bansang Filipinas.

9. Hinihiling ang malawakan at madaliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.



DR. ARTURO B. BAYOCOT, CESO III
Direktor Panrehiyon

CLMD/maribao

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
SANGAY NG EDUKASYON AT NETWORKING
BUWAN NG WIKA 2020

“Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika”
Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya

Hinggil sa Pagdiriwang

Nakasentro ang tema ng Buwan ng Wika 2020 sa halaga ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang mabisang sandata sa pakikidigma laban sa pandemya. Layunin nitóng himukin ang BAYANIHAN ng sambayanan upang masugpo ang patuloy na paglaganap ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga impormasyon o pabatid-publiko na nása Filipino at mga katutubong wika. Pagbantayog itó sa kahalagahan ng mandato ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na itaguyod ang pagpapalaganap ng Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang pinakamabisang midyum sa pagkakaroon ng kolektibong pag-uunawaan ng sambayanan.

Ano ang kaugnayan ng wika sa BAYANIHAN?

Ang pagresolba sa pandemyang dinaranas ng buóng mundo ay hindi lámang nakasalalay sa pagdiskubre ng “bakuna”—malaking papel ang ginagampanan ng kamalayan o awareness ng bawat tao ukol sa virus na sa tamang impormasyon ay magkakaroon ng kolektibong hakbang pára sa prebensiyon ng nakamamatay na sakit. Wika ang tuláy sa paghahatid ng kamalayan sa sangkatauhan upang ang COVID-19 ay mapigilan. Tinitingnan dito ang Filipino at mga katutubong wika sa bansa bilang tagapamansag ng kolektibong paghahanap ng pag-asa sa gitna ng krisis o matinding pangangailangan. Hindi nga ba’t sa pagpapaunawa sa mga Filipino, sa anumang antas ng búhay, hinggil sa kinakaharap na sitwasyon, kadalasang napag-iiwanan ang mga nása laylayan ng lipunan lalo’t banyaga ang wikang ginagamit sa pagpapaliwanag?

Ngayong taón ay humarap at kasalukuyang humaharap sa maraming pagsubok ang ating bansa tulad ng pagputok ng Bulkáng Taál at pagkakaroon ng maraming káso ng COVID-19. Sa araw-araw na humaharap ang mga Filipino sa pagsubok na itó, humaharap din ang (mga) wika sa mabigat na isyung hatid ng pandemyang itó. Dahil dito, naging mahalaga ang pagpapása at paghahatid ng mga impormasyon sa mamamayán. Nagbigay-daan itó upang makita ang pangangailangang maibantayog ang bawat wika bilang pagtugon sa ibá’t ibáng kalamidad at pandemya. Ang pagsandig sa wikang sinasalita ng isang pamayanan ay higit na epektibo hindi lámang sa paghahatid ng impormasyon sa bawat mamamayán nitó kundi sa pag-aalis ng tákot o stigma dahil nagagawang pag-usapan ang pandemya sa mga wikang komportable ang mamamayán.

Bakit kailangan ang Maka-Filipinong BAYANIHAN?


Ang BAYANIHAN ay tatak Filipino na malawakang nauunawaan at nagpapatatag sa mga lokal na komunidad sa buóng bansa. Pagbantayog itó sa kahalagahan ng paggamit ng Filipino at katutubong wika sa pagpapalaganap ng impormasyon sa panahon ng pag-iral ng kuwarantena o quarantine upang bigyang-daan ang pagsibol ng

BAYANIHAN. Maging sa Cebu o buong Kabisayaan hanggang Mindanao ay malaganap na ginagamit ang BAYANIHAN sa mga kampanya kontra COVID-19. Pagpupugay din itó sa mga *frontliners* na itinuturing nating BAYANI sa panahon ng pandemya.

Binibigyang-pansin ng BAYANIHAN ang idea ng pagbibigay ng impormasyon na naaayon sa wika ng pamayanan. Patunay dito ang isinagawang malawakang pagsasalin sa mga katutubong wika sa bansa bilang paunang inisyatiba ng Kagawaran ng Kalusugan kaugnay ng mga bagay na mahalagang mabatid ng publiko ukol sa COVID-19. Itó rin ang itinatagubilin ng Senate Bill No. 1539 (Language Accessibility of Public Information on Disasters Act) na isinusulong ni Sen. Manuel "Lito" M. Lapid upang higit na mapalakas ang mga pagsisikap na pahalagahan ang Filipino at mga katutubong wika ng pamayanan dahil madali at mabilis nitóng naitatawid ang mensahe ng pamahalaan tungo sa komunidad.

Ang BAYANIHAN ay para sa lahat, itó ang pagkakaisang lubhang kailangan upang mapagtagumpayan ang pandemya sa pamamagitan ng pagdadamayan.

Ang Poster ng BWP 2020



- Ang bangka na sumasagisag sa sambayanang Filipino at ang mga lulan nitó ay kumakatawan sa Luzon, Visayas, at Mindanao.
- Ang pagsagwan na sumasagisag sa BAYANIHAN sapagkat hindi itó gawaing mag-isa kundi sama-sama.
- Ang mga alon ay pagsubok (pandemya) na iláng ulit kinaharap ng bansa sa iba't ibang yugto ng kasaysayan nitó bago ang COVID-19 gaya ng (kolera (panahon ni Rizal), tuberculosis (pre at post WWII), Spanish flu, SARS (2003), Meningococcimia (2005), Ebola (2009), AH1N1 (2009), MERS (2015), at nitó lámang nakaraang taón ay muling nagbalik ang tákot sa tigas at polyo na matagal nang nawala.
- Ang sagwán ay simbolo ng mga katutubong wika na siyang pangunahing kasangkapan sa pagtutulungan ng mga nakasakay sa bangka upang makarating sa paroroonan nang mabilis, matiwasay, at ligtas.

Dahil ang BAYANIHAN ay panawagan túngo sa pagbibigkis at pagkakaisa...

Tulad ng iba pang virus na nagdudulot ng nakamamatay na sakit, ang pag-unawa ng publiko upang makaiwas dito ay isa nang mainam na paunang gamot. Ang gamot ay nása wikang nauunawaan. Anumang anunsiyo sa anyo ng infographic na naglalaman ng mga tagubiling pangkalusugan gaya ng regular na paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng face mask, pag-iwas sa matatáong lugar, pagkakaroon ng social distancing, at mga tanong at sagot ukol sa COVID-19 ay mawawalang saysay kung hindi itó ganap na nauunawaan ng publiko. Anupa't napapanahon ang pagtangkilik sa Wikang Pambansa at mga wikang katutubo bílang mga wikang tumatagos sa sentido kumon at sensibilidad ng taumbayan. Malimit nating matunghayan ang mga pagsisikap at inisyatiba ng pamahalaan na gamitin ang wikang Filipino sa bawat pagharap ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte at mga opisyal ng pamahalaan upang iulat sa bayan ang kasalukuyang sitwasyon ng bansa sa gitna ng pandemya.

Kung ang isyu ay pagbibigay-proteksiyon sa sarili at sa kapuwa mula sa mikrobyo, tirahan ng mikrobyo, sa nilalabasan ng mikrobyo, paraan ng paglipat ng mikrobyo, sa pinapasukan ng mikrobyo, at sa táong maaaring mahawahan ng COVID-19 tulad ng ibig mangyari ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) at iba pang organisasyong pribado at publiko, walang dudang epektibo itóng magagawa sa Filipino at mga lokal na wika. Gayundin sa aspekto ng pagbibigay-linaw sa mga patakaran ng pamahalaan gaya ng ECQ, GCO, MGCQ, atbp. Mas madaling mapapawi ang tákot at pangamba ng publiko kung walang sagabal sa paghahatid ng mensahe.

Napatunayan ng buong mundo na walang mayaman at mahirap sa panahon ng pandemya. Lahat táyo ay pantay ang oportunidad na mahawa at mailigtas ang sarili sa mapaminsalang COVID-19. Gayunman, mas may laban táyo kung pantay-pantay ang akses ng sambayanan sa impormasyon. At kung hindi táyo pagwawatak-watakin ng wika dahil sa usapin ng prestihiyo o katayuang panlipunan, mapagtatagumpayan natin ang mapaminsalang COVID-19.

Bakit FILIPINO ang gamit ng KWF para tukuyin ang wika, mamamayan, at kultura ng bansa?

Ito ay dahil sa Kapasiyahan 2015-08 ng Kalupunan ng Komisioner ng KWF na nagpapatibay sa paggamit ng "Filipino" sa halip na "Pilipino" para tumukoy sa Mamamayan at Kultura ng bansa.

Sa bisa ng 1987 Konstitusyon, ganito ang isinusulong ng KWF na itawag sa tao at kultura. Hindi kinakatawan ng F sa Filipino ang katawagang Ingles kundi kinakatawan nitó ang iba't ibang katutubong kulturang Filipino. Iniiwas nitó ang walang-saysay na tuntunin hinggil sa kaibahan ng tawag sa wika, sa tao, at sa kultura.

Higit kaysa pagiging wika sa pang-araw-araw na usapan, wikang panturo, at wikang opisyal ng pamahalaan, kailangang maging bahagi ang Wikang Pambansa ng katauhang Filipino sa paraang ginagamit itóng kasangkapan sa lahat ng pangangailangan ng lipunang Filipino.

Virgilio S. Almario, "Pagpaplanong Wika at Filipino," Komisyon sa Wikang Filipino (2015), p.116.

Hinggil sa mga Aktibidad

“Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika” ***Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya***

Ang tema ng Buwan ng Wika 2020 ay hinati sa apat na lingguhang tema:

| | |
|-------------------|--|
| 3-7 Agosto 2020 | Pagtangkilik sa Katutubong Wika bilang Pagpapahalaga sa mga Pamanang Pangkultura sa Panahon ng Pandemya |
| 10-14 Agosto 2020 | Katutubong Wika: Wika ng Pagtugon at Artikulasyon ng Bayanihan sa Panahon ng Krisis at Pandemya |
| 17-21 Agosto 2020 | Kasaysayan ng Wika, Wika ng Kasaysayan <i>Kamalayan sa Kasaysayan sa Pagsasawika ng Karanasan tungo sa Bayanihan sa Panahon ng Pandemya</i> |
| 24-28 Agosto 2020 | Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya |

Sa pamamagitan ng paghiling ng mga memorandum mula sa DepEd, CHED, DILG, CSC, at NCIP, ginaganyak ng KWF ang mga indibidwal, institusyon, at organisasyong publiko at pribado na magpatupad ng sumusunod na programa na angkop sa kani-kanilang komunidad:

- ⇒ Paggawa at pagpapaskil ng mga islogan na may kaugnayan sa tema
- ⇒ Pagbuo ng mga infographic ng mga katutubong salitang may kaugnayan sa tema
- ⇒ Pagbuo ng tatlong minutong video tungkol sa iláng batayang pagpapahayag sa katutubong wika ng lalawigan o rehiyon (pagbati, pagtatanong o pagbibigay ng direksiyon, at iba pa)
- ⇒ Pagdaraos ng mga virtual na forum at talakayan hinggil sa mga katangian ng iba't ibang katutubong wika sa Filipinas at halaga ng mga ito sa gitna ng pandemya
- ⇒ Virtual na forum hinggil sa pagbuo ng bansa na nakasalig sa isang lipunang multicultural
- ⇒ Pagpapatibay ng mga patakarang pangwika ng unibersidad/kolehiyo para sa mga katutubong wika at sa Filipino
- ⇒ Virtual na pagbabahagi ng mga saliksik hinggil sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika
- ⇒ Pagbibigay ng mga pagsaalang-alang pangwika para sa mga serbisyong frontline at/o programa
- ⇒ Pagtataas ng watawat bilang hudyat ng pagbubukás ng Buwan ng Wika
- ⇒ Pagpapaskil ng ahensiya ng tarpolin o poster para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika
- ⇒ Pagsasalin ng mahahalagang dokumentong pampubliko sa wikang Filipino at sa mga wikang katutubo
- ⇒ Lobbying at pagpapatibay ng mga patakarang pangwika para sa pangangalaga at pagpapasigla ng mga katutubong wika ng bayan o lalawigan

Inaanyayahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang lahat ng nagmamalasakit sa Filipino at mga katutubong wika sa bansa na magpasa ng nominasyon para sa:

A. KWF GAWAD DANGAL NG PANITIKAN 2020

Kumikilala sa mataas na ambag sa panitikan, ang Dangal ng Panitikan ay iginagawad sa mga manunulat at alagad ng sining na nakalikhâ ng mga akdang nag-iiwan ng bakâs o humahawi ng landas sa larangan ng pagsusulat. Pangunahing konsiderasyon ang pagpapamalas ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibâ pang wikang panrehiyon o Panlalawigan. Isinasaalang-alang din ang nalathalang aklat at ibâ pang akda na pawang kinikilala sa angkin nitóng husay, lawak, at lalim, alinsunod sa matalisik na pagtanaw ng mga kritiko at pangkalahatang publiko.

Ang deliberasyon ay sa 15-17 Agosto 2020.

B. KWF GAWAD DANGAL NG WIKA 2020

Ang "KWF Gawad Dangal ng Wika" ay ipagkakaloob isang natatanging indibidwal, samahan, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribado na may makabuluhang ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng Wikang Filipino kasama na ang mga katutubong wika sa Filipinas sa iba't ibang larang o dominyo gaya ng batas, ekonomiya, pilosopiya, siyensiya at teknolohiya, agham panlipunan, araling kultura, edukasyon, at iba pang matatayog na disiplina.

Ang deliberasyon ay sa 15-17 Agosto 2020.

C. GAWAD KWF SA SANAYSAY NG TAÓN

1. Ang Sanaysáy ng Taón ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.
2. Bukâs ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
3. Ang paksa ng sanaysay ay tatalakay sa tema ng Buwan ng Wika 2020 na "*Wika ng Kasaysayan, Kasaysayan ng Wika*" *Ang mga Katutubong Wika sa Maka-Filipinong Bayanihan Kontra Pandemya*
4. Kailangang nása wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin sálin mula sa ibang wika. Marapat na hindi itó magkukulang sa 15 pahina at hindi rin sosobra sa 30 pahina.
5. Bilang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nitó sa mga tuntuning nakasaad sa KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat.
6. Ang mga kailangang isumite ng kalahok ay ang sumusunod:

- Portable Document Format (PDF) ng lahok na may format na Font-12, Arial, may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid sa A4 page lay-out.
 - Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) ang ipinadalang entri at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
 - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok na (PDF)
 - Pormularyo sa paglahok maaaring i-download [dito](#) (PDF)
 - Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok (may 2×2 retrato) at may maksimum na 2MB lamang ang file (PDF)
 - Government Issued ID (PDF). Para sa mga mag-aaral hanggang senior high school, pahihintulutan ang ID ng paaralan.
7. Ang pagsusumite ng lahok ay ipapadala sa pamamagitan ng email at pagrehistro on-line.
- Ipapadala ang: (1) Lahok; (2) Notaryadong Pagpapatunay na Orihinal ang Lahok; (3) Pormularyo ng Paglahok; (4) Curriculum Vitae/ at o Bionote; at (5) Government Issued ID sa timpalak@gmail.com
 - Kapag natanggap ang kumpirmasyon sa ipinadalang lahok, makakatanggap ng link para sa rehistrasyon.
 - Tanging lahok lámang na may kompletong dokumento ang isasali sa timpalak
8. Ang huling araw ng pagsusumite ng lahok ay sa 15 Hulyo 2020, 12hg.
9. Magpapadala ang KWF ng email ng kumpirmasyon sa lahok.
10. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:
- Unang gantimpala: P20, 000.00 at karangalang maging “Mananaysay ng Taón”, medalya, at plake;
 Pangalawang gantimpala: P15,000.00 at sertipiko
 Pangatlong gantimpala: P10,000.00 at sertipiko
11. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
12. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhuli nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
13. Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. (632) 8736-2525 o mag-email sa timpalak@gmail.com.

D. MAKATA NG TAÓN 2020

Magaganap ang virtual na paggagawad sa mga nagwagî sa Talaang Ginto partikular na ang Makata ng Taón sa huling linggo ng Agosto. Mangyaring hintayin ang karagdagang pabatid hinggil dito.

Pagpapaliban ng mga timpalak at gawaing pangwika ngayong 2020

Ipinagpaliban ng Komisyon sa Wikang Filipino ang mga timpalak pangwika (bukod sa Sanaysay ng Taón) ngayon 2020 bilang pagtalima sa National Budget Circular. No. 580. s. 2020 (“DOPTION OF ECONOMY MEASURES IN THE GOVERNMENT DUE TO THE EMERGENCY HEALTH SITUATION”) partikular na sa Seksiyon 1.3 *Relative thereto, R.A. No. 11469 Section 4(v) directed the discontinuance of appropriated programs, projects or activities of any agency of the Executive Department, in the FYs 2019 and 2020 General Appropriations Acts (GAAs), including unreleased appropriations and unobligated released allotments.*

Kabilang sa ipinagpaliban ay ang:

- ⇒ KWF Kampeon ng Wika 2020
- ⇒ iKabataan Ambasador sa Wika 2020
- ⇒ KWF Gawad Jacinto sa Sanaysay 2020
- ⇒ KWF Travelling Exhibit 2020
- ⇒ Tertulyang Pangwika grant
- ⇒ Pammadayaw.

Matatandaang upang mabawasan ang panganib ng posibleng pagkakalantad sa COVID-19, itinagubilin ng Kagawaran ng Kalusugan na:

“With the ongoing threat of the spread of Coronavirus (2019-nCoV ARD), the Department of Health strongly urges the public to avoid attending, participating in, and organizing events that draw a huge number of attendees. The DOH likewise recommends the cancellation of such planned big events or mass gatherings until further advice.”

Inihanda ni

(Nilagdaan)

JOMAR I. CAÑEGA

Linguistic Specialist

Officer-in-Charge (OIC), Sangay ng Edukasyon at Networking